## SA DIYOS TAYO NAGTITIWALA
## (Part 1)
## Lord's Flock Worship Service

Ni: Fr. Eduardo Mayo

Hunyo 14, 2025

Ang "**katig"**ay nagpapanatili sa isang bangka para hindi tumaob. Katulad nito, ang ating tiwala sa Diyos ay "katig sa buhay" dahil ito'y nagbibigay ng pananampalataya at katatagan (pag-asa); kinikilala at nauunawaan ang Kanyang likas na kabutihan at kapangyarihan, nagpapa-unlad at nangangako ng kapayapaan, pag-ibig at buhay na may layunin na ipinahayag sa Banal na Kasulatan.




**1. ANG PAGTITIWALA SA DIYOS AY NAGSASABING AMEN SA KANYANG KAPANGYARIHAN (sa Hebreo at Latin).**

- **1.1 AMAN** ay paniniwala (matalinong pagsang-ayon); ito ay isang pagpapahayag ng katotohanan at katiyakan.
- **1.2 BATAH** ay umasa sa Diyos. Ito ay isang pakiramdan ng seguridad, kaligtasan, at tiwala sa Diyos na nagbibigay sa isang tao ng kapayapaan ng kalooban na batid natin na ang Diyos ay laging handang tumulong (Awit 46:1).
- **1.3 PISTIS** ay magtiwala sa Diyos. Ito ay isang paniniwala na gumagabay sa isang tao sa pagsunod at paglilingkod sa Diyos (2 Cor. 8:5,7) o ang pagiging handang makipagtulungan sa Diyos.
- **1.4 "PER DEUM CONFIDIMUS"** Sa Diyos may tiwala tayong humarap sa mga pagsubok sa buhay.
- **1.5 "IN DEO SPERAMUS"** Sa Diyos, may pag-asa tayo, hindi lamang pag-asa na may mabuting ibubunga, kundi katiyakan na makararating tayo nang ligtas sa daungan.

**2. ANG PAGTITIWALA SA DIYOS AY NANGANGAILANGAN NG UNAWA KUNG SINO ANG DIYOS:**

- **2.1 Makapangyarihan ang Diyos –** Ipinakita Niya ang Kanyang kapangyarihan at ang Kanyang kontrol sa kasaysayan.
  - 2.1.1 Pinalaya Niya ang Kanyang mga tao mula sa pagka-alipin
  - 2.1.2. Nanatili Siyang tapat sa Kanyang bayan.
  - 2.1.3 Naging tao Siya upang tubusin at iligtas tayo.
- **2.2 ANG DIYOS AY MARUNONG AT MABUTI.**
  - 2.2.1 Ang Diyos ay laging dumarating upang tulungan tayo maski na sa paraang hindi natin gusto.
  - 2.2.2 Laging ibinibigay ng Diyos ang ating pangangailangan.
  - 2.2.3 Ang Diyos ay laging tapat at handang maawa, matiyagang naghihintay sa ating pagbabalik sa Kanya nang kusa.

**3. PAANO MAGTIWALA SA DIYOS?**

- 3.1 Kapag tayo ay nababahala, magpahinga tayo sa Kanya bilang ating KAPAYAPAAN.
- 3.2 Kapag tayo ay nasasaktan dapat tayong magpahinga sa Kanya bilang ating KAGINHAWAAN.
- 3.3 Kapag tayo ay nagkukulang, dapat tayong magpahinga sa Kanya bilang ating TAGA-BIGAY.
- 3.4 Kapag tayo ay nagkakasala, nagdududa at nagkakamali, dapat tayong magpahinga sa kaalaman na handa Siyang tumulong dahil Siya'y ating KATULONG.

**Konklusyon:**

Ang tiwala sa Diyos ay isang matibay na pananampalataya sa Kanyang kapangyarihan, at mga pangako maski na sa pinaka-matinding hamon sa buhay. Makararanas tayo ng kapayapaan sa pamamagitan ng "pagbitaw" at "pagpapahintulot sa Diyos."

***"****Para magkaroon ng kapayapaan, MAGBITIW bilang taga-pamahala ng mundo"- (Anonymous)*

**Pagninilay:**

1. Ano ang sanhi ng iyong takot, alinlangan, pag-aalala o kabiguan? Paano mo sila haharapin?

2. Pagnilayan ang karakter ng Diyos upang maunawaan na maaari kang umasa sa Kanya sa mga oras ng pangagailangan (Awit 46:1).


**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Thess P. Sarmiento
Na-edit ni: Nida A. Cruz
Tags: #TiwalasaDiyos#Kapayapaan #MakapangyarihanangDiyos
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.youtube.com/watch?v=3U2Jzk84NEI&t=810s